LINGGO NG SAMA-SAMANG PANALANGIN NG PAMILYA

SETYEMBRE 7–13, 2025

# DAKILANG *kaloob ng* DIYOS

2025

AKLAT NG MGA RISO

Mga Ministeryo ng Pamilya ng mga Adventista

*I WILL GO WITH MY FAMILY:*

# CELEBRATE CREATION:

## MARRIAGE, FAMILY, AND THE SABBATH

# DAKILANG kaloob ng DIYOS

Copyright © 2025 ng General Conference Corporation of Seventh-day Adventists®.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Mga Patnugot: Willie at Elaine Oliver
Pangunahing Manunulat: Karen Holford
Nakatatandang Katulong sa Editoryal: Dawn Venn
Disenyo: Daniel Taipe
Dagdag na Aklat ng mga Riso ng AFM 2025
ISBN 978-0-8127-0585-0
HUNYO 2025

Mga Ministeryo ng Pamilya
ng mga Adventista

***GENERAL CONFERENCE OF SEVENTH-DAY ADVENTISTS***
12501 Old Columbia Pike, Silver Spring, Maryland 20904, USA
301.680.6175 office
family@gc.adventist.org
family.adventist.org

@Adventist.Family
/AdventistFamilyMinistries

# TALAAN NG NILALAMAN


4 PANIMULA
MAY PAGMAMAHAL, DIYOS!

13 LINGGO
DAKILANG KALOOB NG NG DIYOS

18 LUNES
SINIMULAN NG DIYOS NA LIKHAIN ANG ATING MUNDO

23 MARTES
PATULOY NA NILILIKHA NG DIYOS ANG ATING MUNDO

28 MIYERKULES
DAKILANG KALOOB NG DIYOS: PAG-AASAWA

33 HUWEBES
ANG DAKILANG KALOOB NG MAPAGMAHAL NA PAMILYA

38 BIYERNES
DAKILANG KALOOB NG DIYOS: ARAW NG SABBATH

43 SABBATH
KAGILA-GILALAS NA KALOOB NGSABBATH




## PANIMULA

Sa pasimula, ang puso ng Diyos ay umapaw sa pag-ibig, at ang pag-ibig na iyon ay nahayag sa tatlong dakilang kaloob na siyang korona ng Kanyang paglalang: ang kasal, ang pamilya, at ang Sabbath. Sa unang anim na araw ng linggo ng paglalang, nakita natin ang kapangyarihan at galing ng Diyos sa paghubog ng pisikal na mundo. Ngunit sa tatlong banal na institusyong ito nahayag ang mismong puso ng Kanyang pagkatao at ang Kanyang pinakamalalim na hangarin para sa sangkatauhan.

"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang

hanggan" (Juan 3:16). Ipinapahayag ng talatang ito ang diwa ng mapagbigay na likas ng Diyos—isang likas na malinaw nang nahayag mula pa sa simula, nang itinatag Niya ang mga banal na kaloob na ito bilang saligan ng pag-unlad ng tao.

Sa linggo ng paglalang, masusumpungan natin ang isang sinadyang pagkakasunod-sunod. Tinalo ng liwanag ang dilim, pinaghiwalay ang tubig upang malikha ang kalangitan at karagatan, lumitaw ang tuyong lupa na may masaganang pananim, naglagay ng mga ilaw sa kalangitan upang magtakda ng panahon at mga kapanahunan, at pinuno ng mga nilalang ang bawat sulok ng daigdig. Bawat araw ay naghahanda para sa pinakamataas na obra maestra ng Diyos: ang tao na nilikha ayon sa Kanyang wangis.

Ngunit hindi pa tapos ang Diyos. Pagkatapos hingaang buhay si Adan, ang Manlalalang ay nagwikang: "Hindi mabuting ang tao ay mag-isa" (Genesis 2:18). Sa paglikha kay Eba bilang ganap na katuwang ni Adan, itinatag ng Diyos ang kasal—ang banal na unyon ng isang lalaki at isang babae—na magiging batong-panulok ng lipunan. Hindi lamang ito tungkol sa pagkakaroon ng kasama; kundi isang pagsasalamin ng likas na relasyon ng Diyos at ng saligan ng buhay-pamilya.

Mula sa kasal, isinilang ang ikalawang dakilang kaloob ng Diyos: ang pamilya. Sa ligtas at mapagmahal na tahanang ito, aalagaan ang mga anak, ipapasa ang pananampalataya, at maipapamana ang wangis ng Diyos mula sa salinlahi hanggang salinlahi. Ang pamilya ang naging pamamaraan ng Diyos upang punuin ang mundo ng Kanyang pag-ibig at pagkatao.

Pagkatapos ay dumating ang sukdulang korona: ang Sabbath. Pagkaraan ng anim na araw ng paglalang, nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw, Kanyang binasbasan at pinabanal ito. “Oo, iniibig kita ng walang hanggang pag-ibig; kaya’t inilapit kita sa aking kagandahang-loob” (Jeremias 31:3). Ang Sabbath ay sagisag ng pag-ibig na walang hanggan—isang lingguhang paanyaya sa mga pamilya na mamahinga sa presensya ng Diyos, alalahanin ang Kanyang kabutihan, at pahalagahan ang ugnayan higit sa paggawa.

Ang tatlong kaloob na ito—ang kasal, pamilya, at Sabbath—ay mga koronang gawa ng Diyos sa paglalang sapagkat tinutugunan nito ang pinakamalalim na pangangailangan ng tao: pakikisama, pakikipag-ugnay, at pakikipagniig sa Manlalalang. Sama-sama, bumubuo sila ng tatlong banal na institusyon na patuloy na nagbibigay pagpapala at lakas sa atin ngayon, nagpapaalala na tayo ay kahanga-hanga at kagilagilalas na nilalang at minamahal ng ating Manlalalang (Awit 139:14).




Adventist®
Family Ministries

**Willie at Elaine Oliver, mga Direktor**
Iglesia ng mga Adventista ng Ikapitong Araw
Punong Himpilan sa Buong Daigdig




Kung nais mong palalimin pa ang iyong kaalaman tungkol sa mga pamilya mula sa pananaw ng Biblia, maaari mong makuha nang libre ang aming 2025 Resource Book.

Available na ito sa Chinese (Simplified at Traditional), English, French, Italian, Kurundi, Portuguese, Romanian, at Spanish.

**Bisitahin: family.adventist.org/2025RB**

## ISANG PAALALA MULA SA PANGUNAHING MAY-AMBAG

# KAREN HOLFORD



Ngayong taon, ang pokus ng linggo ay ang pagtuklas sa Dakilang Kaloob ng Diyos. Layunin naming tulungan ang ating pamilya na makipag-ugnay sa umaapaw na pag-ibig ng Diyos at kilalanin ang Kanyang mga kaloob sa pamamagitan ng paglalang, ugnayan, at Sabbath. Ating susuriin kung paano dumadaloy ang pag-ibig ng Diyos mula sa Kanyang puso patungo sa atin, at pagkatapos ay sa isa't isa, habang natututo tayong mapansin at ibahagi ang Kanyang pag-ibig sa iba. Sa pamamagitan ng araw-araw na pagsamba na gumigising sa lahat ng ating pandama—sa pagtanaw ng Kanyang kagandahan, sa pakikinig sa huni ng mga ibon, sa pagtikim ng mga bunga, at sa pagdama ng Kanyang presensya—madidiskubre natin na ang pag-ibig ng Diyos ay laging nakapaligid sa atin, naghihintay lamang na mapansin at maibahagi.

Si Karen Holford ay Direktor ng Family, Children's and Women's Ministries ng Trans-European Division. Siya ay may propesyonal na karanasan bilang occupational therapist at nagtataglay ng master's degrees sa Psychology, Family Therapy, at Christian Leadership. Siya ay asawa ni Pastor Bernie Holford at nakatira sila sa England. Mayroon silang tatlong anak na nasa hustong gulang na at tatlong apo. Mahilig siyang magsulat, maglakad sa mga kagubatan ng England, at magbahagi ng pag-ibig ng Diyos.

## BAKIT PAGSAMBA SA PAMILYA?

- Itinuturo sa mga anak ang pagsamba sa Diyos
- Ginagawang sentro ng tahanan ang Diyos
- Pinagbubuklod ang pamilya
- Nagbibigay-proteksiyon
- Nagtatatag ng mga espirituwal na halaga

BUKSAN ANG MGA PAGPAPALA

# NG PAGSAMBA NG PAMILYA

## ANO ANG PAGSAMBA NG PAMILYA?

ANO ANG PAGSAMBA NG PAMILYA:

- Lahat nakikibahagi
- Pinaghahati ang pamumuno
- Maikli at kawili-wili

ANO ANG HINDI ITO:

- Lektura, sermon, o pamimilit
- Oras ng disiplina o parusa
- Aliwan

## PAANO GAGAWIN:

Ang pagsamba ay panahon ng pagbibigay ng papuri at pagsamba sa Diyos. May paggalang, pagpapakumbaba, at pasasalamat, inilalapit natin sa Kanya ang ating mga kahilingan. Sa Lumang Tipan, ang mga hayop ay inihahandog sa dambana. **Sa ngayon, ang kailangan lamang ay handog ng ating oras at sarili.** Kapag idinagdag natin ang salitang pamilya sa pagsamba, sama-sama tayong sumasamba bilang isang pamilya.

**Ang mga magulang, lalo na, ay nagkakaroon ng pagkakataong turuan ang kanilang mga anak kung paano sumamba sa Diyos.** Sama-sama, nagbibigay tayo ng dangal at pagkilala sa Diyos bilang Panginoon at Tagapagligtas ng ating buhay at tahanan. Ang karanasang ito ay nagbubuklod sa atin at naglalapit sa Diyos.

Bawat pamilya ay maaaring pumili kung paano ang magiging anyo ng kanilang pagsamba. Maaaring may pagbabasa ng Biblia, pagkanta, at panalangin nang sama-sama. Ngunit napakaraming paraan ng pagsamba—gaya ng dami ng pamilya. Bawat pamilya ay natatangi, kaya maaari mong ihanda ang inyong sariling “altar ng pamilya.” **Ang tanging hindi nagbabago ay ang ating pagtutok sa Diyos, ang Maylikha at Tagapagtustos ng sangkatauhan.**

“Sa bawat pamilya ay dapat may takdang oras para sa pagsamba sa umaga at gabi. Kay ganda na tipunin ng mga magulang ang kanilang mga anak bago pa kainin ang agahan, upang pasalamatan ang ating Amang nasa langit sa Kanyang pag-iingat sa magdamag; at... sa pagsapit ng gabi, muling magtipon sa Kanya upang pasalamatan Siya sa mga pagpapala ng araw na lumipas.”

**Ellen G. White,**
***Child Guidance*, p. 520**

“Walang dahilan para hindi maging kawili-wili at kaaya-aya ang [pagsamba ng pamilya]. Nalulungkot ang Diyos kapag ito’y ginawang tuyo at nakakabagot. Nawa ang mga oras ng pagsamba ng pamilya ay maging maikli at masigla.”


**Ellen G. White,**
***Child Guidance*, p. 521**

**TANDAAN:**
Maaaring hindi maging perpekto ang inyong pagsamba bilang pamilya—at ayos lang iyon. Manalangin sa Diyos at patuloy na gawin ang pinakamabuti; kasama ninyo Siya.



### ARAW-ARAW NA KALOOB:

# MGA SANDALI NG PAGSAMBA NG PAMILYA



Ang pagtatayo ng altar ng pamilya ay isa sa Dakilang Kaloob ng Diyos—isang paraan ng pagdiriwang ng Kanyang pag-ibig, paglalang, relasyon, at Sabbath. Tulad ng batong altar ng Israel na minsan ay kailangang muling buuin, ganoon din ang ating pagsamba kapag nagiging abala ang buhay. Walang kahihiyan sa pagliban ng isang araw—may biyaya sa pagbabalik sa pagsamba.

Hayaang ang **Dakilang Kaloob ng Diyos** na debosyonal ay magbigay-inspirasyon sa inyong pagsamba sa pamamagitan ng apat na tema: pag-ibig, hiwaga ng paglalang, mga relasyon, at kapahingahan ng Sabbath.

**Pag-ibig:** Ibahagi ang isang paraan kung paano mo nakita ang pag-ibig ng Diyos.

**Himala:** Hangaan ang kalikasan—isang bulaklak, ibon, o bituin sa langit.

**Relasyon:** Banggitin ang pagkakataon na naranasan mo ang pag-aaruga ng Diyos sa tahanan.

**Kapahingahan:** Sindihan ang kandila o magpatugtog ng banayad na musika bilang tanda ng Sabbath.

Magdagdag ng awit, maikling dula, o simpleng gawa ng kabutihan. Bawat sandali ng pagsasama—kahit maikli—ay kaloob mula sa Diyos. Panatilihing bago, makabuluhan, at angkop sa edad: gumanap ng isang talata, manalangin nang maikli, o umawit ng papuri. Kahit dalawang minutong taimtim na panalangin ay nagbibigay-dangal sa Kaloob ng Diyos at nagpapatatag sa inyong altar ng pamilya.

# PAANO GAMITIN ANG RESOURCE NA ITO

# MGA HAKBANG SA ARAW-ARAW NA PAGSAMBA

### TALATA SA BIBLIA

Isang talata na may simpleng malikhaing gawain upang matandaan at maisabuhay.

PUNDASYON

### PAMBUNGAD

Maikling pagpapakilala sa tema ng araw at kung bakit ito mabuti para sa atin.

PAGHAHANDA NG DAMDAMIN

### DEBOSYONAL

Isang maiikling kuwento o aral na angkop sa buong pamilya.

PANGUNAHING MENSAHE

### PANALANGIN

Sama-samang panalangin kung saan lahat ay malayang makapagbahagi ng nais ng puso.

PAKIKIPAG-UGNAYAN SA DIYOS

### MGA GAWAIN

Mga simpleng aktibidad upang maisabuhay ang pasasalamat sa mga kaloob ng Diyos sa pamilya.

PAGPAPATIBAY

**NAGMAMADALI?**

SUBUKAN ANG SEKSYONG “SA ISANG SULYAP” SA DULO NG BAWAT ARAW.

# DAKILANG *kaloob ng* NG DIYOS

## LINGGO

**KALOOB NGAYON**

Tuklasin at ibahagi ang pag-ibig ng Diyos na nagbibigay-buhay.

**TALATANG MEMORYA**

“Tayo’y umiibig, sapagka’t Siya’y unang umibig sa atin.” 1 Juan 4:19 (ADB)

## GAWAING MEMORYA

Gupitin ang mga pusong papel/ sticky notes. Isulat ang bawat salita ng berso at "1 Juan 4:19" sa magkakahiwalay na puso. Ayusin ang tamang pagkakasunod-sunod.



PANIMULA

# Walang-Hanggang Pag-ibig

Ang Diyos ay pag-ibig. Mula sa Kanya nagsimula ang lahat—hindi lang ang mundo, kundi ang mismong diwa ng ating mga ugnayan. Bilang "Dakilang Kaloob ng Diyos," ibinigay Niya ang pag-aasawa, ang pamilya, at ang Sabbath upang maging tulay ng Kanyang pag-ibig sa atin. Ang "kaloob" ay bagay na hindi natin kayang bayaran ngunit buong-layang ibinibigay ng Diyos, at mula rito umaagos ang kakayahan nating magmahal.

Bagama't totoo ang malaking tunggalian, mas malaki ang pag-ibig ng Diyos: ito ang humahabol sa atin, umaabot, at muling bumubuo. Bago ang Pagkahulog, pag-ibig ang batas ng buhay; at kapag nawala ang kasalanan, pag-ibig pa rin ang mamamayani. Sa ngayon, bahagya pa lang ang ating nakikita—ngunit sapat na upang kumilos tayo sa pananampalataya at pag-ibig.

Sa linggong ito, "bubuksan" natin ang Kanyang kaloob: makikita ang bakas ng pag-ibig sa nilikha, sa ugnayan ng mag-asawa at mag-anak, at sa kapahingahan ng Sabbath. Ang pagsamba ng pamilya ay tugon sa pag-ibig na ito—isang araw-araw na paglapit na nagbubuklod, nagtutuwid, at nagpapalakas.

DEBOSYONAL

# Dakilang Kaloob ng Pag-ibig

Sumandal si Lara sa dibdib ni Tatay at dinig ang tibok: tug-tug... tug-tug... “Tatay,” tanong ni Lara, “ano’ng ibinubulong ng puso mo?” “Na buhay ako! At mahal ko kayo—si Nanay at si Luke!” Hinaplos ni Tatay ang ilong ni Lara at natawa siya. “Tay, paano napupuno ng pag-ibig ang puso mo?”

Sagot ni Tatay, “Punô ng pag-ibig ang Diyos—hindi natin maisukat! Habangbuhay natin itong tutuklasin at hindi mauubos.” Tinangkang isipin ni Luke kung gaano kalaki ang pag-ibig ng Diyos—hindi niya kayang saklawin. “Grabe, ang dami!”

“Paano napunta mula sa puso ng Diyos ang pag-ibig patungo sa iyo?” usisa ni Lara. “Noong nilikha ng Diyos sina Adan at Eva, minahal Niya sila—nakisama, nakinig, at naghandog ng mga kagandahang makikita, maaamoy, matitikman, at maa-enjoy. Habang minamahal Niya sila, pinuno Niya ang puso nila ng pag-ibig. Natutunan nilang mahalin at alagaan ang isa’t isa. Nang magka-anak sila, pinuno rin nila ng pag-ibig ang puso ng kanilang mga anak.”

Kumuha si Tatay ng pitsel ng katas ng ubas. “Isipin ninyong punô ito ng pag-ibig ng Diyos. Ibinubuhos Niya ito sa ating puso...” Ibinuhos niya sa apat na baso, tig-iisa sa kanila. “At ibinubuhos din natin ang pag-ibig sa isa’t isa. Nararamdaman ng Diyos ang ating pag-ibig. Hindi Niya

kailangang punuin natin ang Kanyang puso, ngunit nalulugod Siyang makita ang Kanyang mga anak na nagkakalinga."

Uminom sina Lara at Luke. "Mmm, ang sarap!" sabi ni Luke habang sinisipat ang huling patak. "Ang tamis—parang pag-ibig ng Diyos!" tugon ni Lara.

"Palagi tayong minamahal ng Diyos," wika ni Nanay. "Hindi natin laging nakikita o nararamdaman, ngunit kung titingnang mabuti at makikinig nang maigi, mahahanap natin ang Kanyang pag-ibig sa iba't ibang lugar."

"Tama! Nakita ko ang pag-ibig ng Diyos nang tulungan ni Tatay si Nanay sa mga pinamili," sabi ni Lara. Naalala ni Luke ang ibon na may hibla sa tuka. "Nakita ko rin ito nang gumawa ang ibon ng pugad para sa mga itlog niya!" Niyakap sila ni Tatay nang mahigpit at sabay-sabay silang tumawa.

"Ang pag-ibig ng Diyos ay laging nasa paligid," sabi ni Nanay. "Kailangan lang natin mapansin—at ibahagi sa iba."

## SAMA-SAMANG PANALANGIN

# Panalanging Alpabeto

- Dumaan sa alpabeto at purihin ang Diyos: A – Abot-kalinga, Ama; B – Biyaya, Bunga; C – Caring/Mapagkalinga, Constant/Di-nagbabago... atbp.
- Opsyon: Bumunot ng titik sa supot at magbanggit ng dami ng salitang naglalarawan sa pag-ibig ng Diyos na nagsisimula sa titik na iyon.

PAGBUO NG ALAALA

# Mga Gawain ng Pamilya

### Kaloob ng Pag-ibig ng Diyos

- Balutan ang kahon na parang regalo at lagyan ng laso.
- Pag-usapan kung paano tayo minamahal ng Diyos (Tagapagkaloob, Mapagpatawad, Ama, atbp.).
- Isulat sa kahon ang bawat paraan at iguhit ang puso hanggang mapuno.
- Mga sanggunian: Awit 23; 103; 145; 1 Corinto 13; 1 Juan 4.

### Hanapang-Pag-ibig ng Diyos (Scavenger Hunt)

- Hanapin ng bawat isa ang 3 bagay na nagpapaalala ng pag-ibig ng Diyos.
- Ipakita sa tray at ipaliwanag ang pinili.
- Ayusin na hugis-puso, kuhanan ng litrato, gawing poster; dagdagan pa sa buong linggo.
- Alternatibo: Garapon ng 20 "paalala ng pag-ibig," takpan ng bigas, paikutin para makita ang laman.

### Pusong Sining

- Gupitin ang pusong karton.
- Humanap ng larawan/salita sa magasin tungkol sa pag-ibig ng Diyos.
- Idikit, dagdagan ng sariling guhit o tanda, at isabit.

## LINGGO SA ISANG SULYAP

**TALATA**
Tayo'y umiibig sapagka't Siya ang unang umibig sa atin (1 Juan 4:19).

**PANIMULA**
Dumadaloy ang pag-ibig ng Diyos sa atin at sa pagitan natin.

**DEBOSYONAL**
Katas ng ubas bilang larawan ng pag-ibig na ibinubuhos ng Diyos at ibinabahagi natin.

**PANALANGIN**
Panginoon, salamat sa lyong pag-ibig na ibinubuhos sa aking buhay.

**USAPAN**
Saan mo nakita ang pag-ibig ng Diyos ngayon, at paano mo ito ibabahagi?

# SINIMULAN NG DIYOS *na likhain ang* ATING MUNDO

## LUNES

**KALOOB NGAYON**

Humanga sa paglikha ng Diyos—liwanag, tubig, lupa, at mga halaman.

**TALATANG MEMORYA**

"Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa." Genesis 1:1 (ADB)

PANIMULA

# Ang Paghanga sa Paglikha

Puno ng pagkamangha ang salaysay ng Paglikha—at pinatutunayan ng pananaliksik na ang pagkamangha ay nagpapababa ng kaba, at nagdudulot ng kapayapaan, kagalakan, at pasasalamat. Kapag namamangha tayo, mas malikhaing mag-isip at mas mabait sa kapwa. Higit sa lahat, kapag minamasdan natin ang mga gawa ng Diyos—kahit ang sarili nating mga kamay—sumisilip tayo sa Kanyang pag-ibig, karunungan, at sining.

Maglaan ngayon ng mabagal na sandali ng pagkamangha kasama ang pamilya. Tignan ang prutas at gulay; hiwain at pahalagahan ang disenyo, amoy, tekstura, at lasa. Suriin ang detalye ng isang bulaklak o dahon. Panoorin ang isang ibon o insekto habang kumikilos. Lahat ay dinisenyo ng Diyos.

Sa Sermon sa Bundok, inanyayahan ni Jesus ang Kanyang mga kaibigan na tumigin sa mga ibon at bulaklak at magtiwala sa pag-aaruga ng Diyos. Kadalsan, mas makapangyarihan ang pagkamangha kaysa mahabang pangaral upang akayin tayo sa Kanyang pag-ibig.

## GAWAING MEMORYA

Basahin nang mabagal ang bawat parirala at samahan ng galaw: "Nang pasimula..." (itaas ang isang daliri). "...nilikha ng Dios..." (turo paitaas). "...ang langit..." (iwasiwas ang braso sa itaas). "...at ang lupa." (guhitan ng daliri ang sahig). Huminto kada parirala para sumunod ang mga bata bago magpatuloy.



DEBOSYONAL

# Sinimulan ng Diyos na Lik-hain ang Ating Mundo

**Maghanda: kandila at posporo o senter; bote ng tubig at mga baso at pampabulang sabon at pambuga; ilang prutas o bulaklak.**

Umapaw ang puso ng Diyos sa pag-ibig habang binabalangkas Niya ang isang bagong magandang planeta. Mahal na Niya sina Adan at Eva kahit hindi pa Niya sila nililikha. Inisip Niya ang Kanyang mga anak na nakatira sa isang ganap na hardin.

Araw 1 — Liwanag. Dumalaw ang Diyos sa mundong madilim, at lumikha ng dalisay na liwanag. Nagniningning itong parang ginto sa lupang handang punuin ng magagandang bagay. "At nakita ng Diyos na mabuti."

**(Sindihan ang kandila o buksan ang senter bilang paalaala sa liwanag na nilikha ng Diyos.)**

Araw 2 — Tubig. Inayos ng Diyos ang tubig sa lupa at ang malawak na "bubong" na tubig sa itaas. Kumislap ang malinis na tubig sa liwanag; sariwa at presko ang tanawin. "At nakita ng Diyos na mabuti."

**(Painumin ang mga bata ng tubig at magpa-bula ng sabon.)**

Araw 3 — Lupa at Halaman. Hinubog ng Diyos ang burol at lambak, iginuhit ang mga baybayin. Tinakpan Niya ang lupa ng damo, bulaklak, puno, prutas, at mani—iba't ibang hugis, amoy, lasa, at tekstura. Nagtanim Siya ng isang espesyal na hardin kung saan titira at makikipagkita araw-araw ang Kanyang minamahal na mga anak. "At nakita ng Diyos na mabuti."

**(Pagmasdan ang mga bulaklak nang may pagkamangha at tikman ang prutas—lalo na ang matatamis na mangga!)**

Maingat na inihanda ng Diyos ang lahat upang paalalahanan sina Adan at Eva ng Kanyang dakilang pag-ibig sa bawat bagay na kanilang makikita at mararanasan.

SAMA-SAMANG PANALANGIN

## Panalanging "Mangkok ng Paglikha"

- Magdala ng malaking mangkok (larawan ng walang lamang daigdig).
- Ilagay ang lumulutang na kandila (Araw 1) at sindihan.
- Ibuhos ang tubig (Araw 2).
- Idagdag ang mga bulaklak/dahon (Araw 3).
- Manalangin: magpasalamat sa lahat ng uri ng ilaw (kandila, ilaw-sasakyan, senter), tubig (ilog, talon, batis, lawa), at halaman (bulaklak, prutas, puno, gulay).

PAGBUO NG ALAALA

# Mga Gawain ng Pamilya

### Punô ng Pagkamangha

- Pumulot ng maliliit na kayamanang mula sa kalikasan (kabibi, dahon, balat ng prutas, balahibo, atbp.).
- Pumili ng isa at tahimik na pagmasdan sa loob ng 1 minuto.
- Ibahagi kung ano ang nagpamangha sa iyo.

### Likha mula sa Pira-pirasong Papel

- Mangalap ng malilinis na piraso ng papel (magasin, diyaryo, pambalot).
- Gupitin at dumikit upang makabuo ng bulaklak/prutas/gulay.
- Ihambing sa totoong halaman at ibahagi ang natuklasan.

### Halo-halong Prutas

- Pumili ang bawat isa ng paboritong prutas.
- Pagmasdan ang labas, saka hiwain at hangaan ang loob.
- Pagsamahin para maging fruit salad o ayusin sa plato.
- Magpasalamat sa Diyos sa bawat masarap na lasa.

### Pagandahin ang Tahanan

- Mag-brainstorm kung paano gagawing mas maganda ang bahay (mag-ayos, mag-lipat, maglagay ng bulaklak).
- Gumamit ng kung anong mayroon upang gumawa ng dekorasyon.
- Isabit ang pusong ginuhitan o paboritong talata para makita ng lahat.

## LUNES SA ISANG TINGIN

**TALATA**

"Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa."
Genesis 1:1 (ADB)

**PANIMULA**

Kumikinang ang sining ng Diyos sa liwanag, tubig, at mga halaman.

**DEBOSYONAL**

Araw 1: liwanag; Araw 2: tubig; Araw 3: halaman—lahat nagpapakita ng Kanyang pag-ibig at pag-aalaga.

**PANALANGIN**

Salamat, Panginoon, sa liwanag na gumagabay, tubig na nagpapasariwa, at halaman na nagpapakain sa amin.

**USAPAN**

Aling bahagi ng paglikha—liwanag, tubig, o halaman—ang pinaka-nagdala sa iyo ng alaala ng pag-ibig ng Diyos?

# PATULOY NA NILILIKHA NG *diyos ang ating* MUNDO

## MARTES

**KALOOB NGAYON**

Ipagdiwang ang pagkamalikhain ng Diyos habang pinupuno Niya ang tubig at himpapawid ng buhay.

**TALATANG MEMORYA**

"At sinabi ng Dios, Magkaroon ang tubig ng saganang mga bagay na may buhay, at magsilipad ang mga ibon sa ibabaw ng lupa sa balat ng kalangitan." Genesis 1:20 (ADB)

## GAWAING MEMORYA

Gumuhit ng payak na larawan: tubig sa ibaba, langit sa itaas. Sa bahagi ng tubig, isulat ang unang kalahati ng talata at iguhit ang isang isda sa paligid ng bawat salita. Sa langit, isulat ang ikalawang bahagi at gumuhit ng ibon sa tabi ng bawat salita. Pagandahin ang larawan upang ipakita ang ganda ng nilikha ng Diyos.



PANIMULA

# Pagsambang Sumasangkot sa Lahat ng Pandama

Binigyan tayo ng Diyos ng limang kahanga-hangang pandama upang malasap ang kagandahan ng Kanyang nilikha. Sa ating mga mata, nakikita natin ang hiwaga at ganda sa paligid. Sa ating pandinig, naririnig natin ang huni ng ibon, tunog ng hayop, musika, at usapan. Sa panlasa, natitikman natin ang prutas, gulay, at mani na may sari-saring lasa at tekstura. Sa pang-amoy, nalalanghap natin ang bango ng bulaklak at pagkain. Sa pandama, nadarama natin ang balat ng puno, balahibo ng hayop, at iba pang nakamamanghang bagay.

Sa isang mundong may kasiraan, ang mga pandama rin ang tumutulong upang makilala ang panganib at manatiling ligtas. Mahalaga ang mga ito dahil tinutulungan tayong tuklasin ang mundo ng Diyos at makita na ito'y tunay na mabuti. Kaya isinama ng Diyos ang lahat ng pandama sa Tabernakulo at mga pista ng Israel upang tayo ay matuto at sumamba sa Kanya.

Tuwing gumagamit tayo ng karanasang sumasangkot sa lahat ng pandama para turuan ang mga bata tungkol sa pag-ibig ng Diyos, tinutulungan natin silang matuto at maalala ang Kanyang pag-ibig sa mas malalim na paraan. Kaya't maging malikhain, gaya ng Diyos, at gamitin araw-araw ang lahat ng pandama sa pagkatuto tungkol sa Kanya.

DEBOSYONAL

# Patuloy na Nililikha ng Diyos ang Ating Mundo

Araw 4: Dumalaw ang Diyos sa bagong mundo. Kumislap ang liwanag sa tubig. Natakpan ang lupa at mga burol ng damo, puno, at bulaklak sa magagandang kulay. Payapa at maganda ang lahat. Nais ng Diyos na maglagay ng mga espesyal na ilaw sa langit. Dinagdag Niya ang araw upang magbigay-init, magpatubo ng halaman, at magpinta ng makukulay na pagsikat at paglubog. Pinuno Niya ang gabi ng bilyon-bilyong bituin at planeta, at gumawa ng buwan na nagbabago ng hugis upang sukatin ang mga linggo at buwan. Ramdam Niya ang init ng araw sa Kanyang mukha, at habang lumulubog ito sa makulay na kalangitan, nagniningning ang buwan at mga bituin. Sa pagtatapos ng araw, tumingin ang Diyos sa lahat ng Kanyang nilikha at nakita Niyang mabuti.

**(Sumilip sa labas upang mapansin ang liwanag ng araw, anino, buwan, at mga bituin.)**

Araw 5: Muling sumikat ang araw at pinintahan ng kulay-rosas at dilaw ang langit. Nakita ng Diyos ang liwanag na kumikislap sa tahimik na tubig. Biglang napuno ito ng libo-libong makukulay na isda at nilalang-dagat—mga dolphin na tumatalon, balyena na bumubuga ng tubig, at maliliit na isdang naglalaro sa mga bato at kabibe. Sa mga ilog, lawa, at dagat, nakita ng Diyos ang lahat ng nilalang sa tubig, at nakita Niyang mabuti.

**(Magbanggit ng isda o lamang-dagat na nagsisimula sa unang letra ng iyong pangalan.)**

Pagkatapos, tumingala ang Diyos sa katahimikan ng langit. Naalala Niya ang

mga ibong inisip Niya. Biglang napuno ng musika ang kalangitan! Milyong ibon ang lumipad—mga langay-langayan na dumadagit sa liwanag, mga agila na lumulutang, paboreal na nagbubukas ng mararangyang buntot, at maliliit na kolibri na sumisimsim ng nektar. Ang himpapawid ay napuno ng galak, awit, at paglipad. Nakinig ang Diyos, tumingin, at nakita Niyang mabuti.

**(Gayahin ang tunog ng iyong paboritong ibon at umawit nito nang sabay. Paano ito tunog?)**

Araw 6: Muling sumikat ang araw. Inisip ng Diyos ang mga hayop na lilikhain. At isa-isa silang lumitaw: maliliit na daga, matataas na dyirap, mabibigat na elepante, maliliksi at makukulit na ardilya, pusa, at mabubulak na tupa. Iba't ibang anyo, kulay, at laki—tumakbo, tumalon, umakyat, gumapang. Tunay ngang mahal ng Diyos ang pagkakaiba-iba! At nang makita Niyang handa na ang lahat upang salubungin ang Kanyang pinakamamahal na nilalang, naisip Niyang likhain sina Adan at Eva. Napuno ng pag-ibig at kagalakan ang Kanyang puso. Ngumiti Siya—malapit na nilang makita ang Kanyang mukha at maramdaman ang Kanyang wagas na pag-ibig.

SAMA-SAMANG PANALANGIN

## Panalanging Pasasalamat

- Magpasalamat sa mga isda, ibon, at hayop na nilikha ng Diyos.
- Halimbawa: "Salamat, Diyos, sa mga nilalang sa dagat, gaya ng balyena." Ulitin ng susunod na tao at magdagdag: "...balyena at dikya." Ang ikatlo ay magdadagdag pa: "...balyena, dikya, at angelfish." Ituloy hanggang makapagpasalamat ang lahat.

PAGBUO NG ALAALA

# Mga Gawain ng Pamilya

### Hanapin ang mga Nilalang!

- Pumili ng larawan ng tanawin na may langit, lupa, at tubig.
- Gupitin ang maliliit na "pintuan" (flaps) sa bawat bahagi at idikit sa puting papel.
- Ipaguhit sa mga bata ang mga ibon sa likod ng langit, hayop sa lupa, at isda sa tubig.
- Huminto sandali upang humanga sa galing ng Diyos (Mateo 6:26–30).

### Mobile ng mga Ibon

- Gumuhit ng hugis-ibon sa karton, kulayan, lagyan ng pakpak o balahibo.
- Isulat sa bawat ibon ang isang maikling papuri o panalangin.
- Tahian ng sinulid at isabit sa sanga o sabitan bilang paalala na magpasalamat sa mga ibon at kanilang awit.

### Kamangha-manghang Mga Hayop!

- Mag-acting ng iba't ibang hayop—galaw at tunog—pahuhulaan sa iba.
- Magpasalamat sa Diyos sa isang katangiang espesyal ng hayop na iyon, saka ipasa sa susunod.

## MARTES SA ISANG TINGIN

**TALATA**

"At sinabi ng Dios, Magkaroon ang tubig ng saganang mga bagay na may buhay, at magsilipad ang mga ibon sa ibabaw ng lupa sa balat ng kalangitan."
Genesis 1:20 (ADB)

**PANIMULA**

Ibinigay ng Diyos ang ating mga pandama upang malasap ang Kanyang pag-ibig sa tanawin, tunog, at haplos.

**DEBOSYONAL**

Pinuno ng Diyos ang langit ng mga ibon at ang tubig ng mga nilalang—tanda ng Kanyang pagkamalikhain.

**PANALANGIN**

Salamat, Panginoon, sa mga ibon, isda, at hayop na nagpapaalala sa Iyo.

**USAPAN**

Aling nilalang ang pinaka-nagpapakita sa iyo ng pagkamalikhain ng Diyos?

# DAKILANG *kaloob ng diyos:* PAG-AASAWA

## MIYERKULES

**KALOOB NGAYON**

Pagdiriwang sa magandang disenyo ng Diyos para sa pag-ibig at pag-aasawa.

**TALATANG MEMORYA**

“At sinabi ng Panginoong Diyos, Hindi mabuti na ang lalake ay mag-isa; siya’y gagawan Ko ng isang katulong na naaayon sa kaniya.” Genesis 2:18 (ADB)

PANIMULA

# Plano ng Diyos para sa Pag-aasawa

Ginawa ng Diyos ang buong mundo para sa Kaniyang minamahal na mga anak. Itinanim Niya ang Eden bilang kanilang espesyal na tahanan. Lahat ng Kaniyang nilikha ay nilayon upang ipahayag ang Kaniyang pag-ibig at ang Kaniyang malikhaing, mabait, at mapagbigay na katangian. Ginawa Niya sina Adan at Eva na magkapantay sa pag-aasawa dahil alam Niyang ang hindi pagkakapantay sa kapangyarihan ay nagdudulot ng sakit, sama ng loob, at minsan ay pang-aabuso at pagdurusa. Ginawa ng Diyos si Eva bilang kapantay at kasama ni Adan.

Nang pumasok ang kasalanan sa mundo, naging mas mahirap ang gawain ng lalaki sa lupa at mas masakit ang pagdadalang-tao ng babae. Sa ministeryo ni Jesus, inalagaan Niya ang mga babaeng balo, dayuhan, at nasa mahirap na kalagayan, at itinaas Niya sila sa pamamagitan ng pagpapagaling, pagpapatawad, pagpapanumbalik, at paglilingkod sa kanila. Sinabi ni Pablo na ang mga mag-asawa ay dapat magpasakop sa isa't isa (Efeso 5:21). Sa kaniyang mga sulat, binanggit niya ang mga praktikal na paraan kung paano dapat magmahal ang mga Cristiano at magmalasakit sa isa't isa (lalo na sa Roma 12:9–18). Ang plano ng Diyos para sa pag-aasawa ay maging lugar ng pag-ibig, malasakit, suporta, at kagalakan—gaya ng orihinal Niyang nilikha.

## GAWAING MEMORYA

Gupitin ang dalawang simpleng hugis ng lalaki at babae mula sa papel. Isulat ang unang pangungusap ng teksto sa lalaki at ang ikalawang pangungusap sa babae. Idikit ang kanilang mga kamay upang magkahawak. Pagkatapos, basahin ang mga salita.



DEBOSYONAL

# Dakilang Kaloob ng Diyos: Pag-aasawa

Umapaw ang puso ng Diyos sa galak habang tinitingnan Niya ang bughaw na langit at kumikislap na tubig. Nakita Niya ang libu-libong bulaklak at ang lilim ng daan-daang puno. Naramdaman Niya ang init ng araw. Ngumiti Siya sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa langit, at sa mga hayop na naglalaro nang hindi natatakot sa isa't isa. Hinahaplos ng leon ang isang kordero, tumatakbo ang ardilya sa likod ng elepante, sumasayaw ang paru-paro, at kumakain ng prutas ang mga unggoy. Ang hardin ay ganap na tahanan para sa Kaniyang mga anak.

Yumuko ang Diyos at hinubog mula sa lupa ang isang tao—si Adan. Nang matapos, hiningahan Niya ito at nabuhay. Binuksan ni Adan ang kaniyang mga mata at nakita ang Diyos na nakangiti. Pinatikim siya ng Diyos ng prutas—mmm, napakasarap! Magkasama silang naglakad sa hardin, naamoy ang mga bulaklak, narinig ang mga ibon, at nakilala ang mga hayop.

